Sindaw Journal
2026, Tomo 1, Bilang 1
e-ISSN: 3155-6515 | p-ISSN: 3155-6507

ORIHINAL NA ARTIKULO

OPEN ACCESS

# Sa Gitna ng Dagat at Lipunan: Marxistang Pagbasa sa One Piece ni Eiichiro Oda

*Amidst the Sea and Society: A Marxist Analysis of Eiichiro Oda's One Piece*

Jasser M. Esmael[1], Almayrah A. Tiburon[2]
[1]Mindanao State University-Main Campus
*Korespondensiyang awtor: esmael.jasser@s.msumain.edu.ph

*Natanggap: Mayo 28, 2026* | *Nirebisa: Hunyo 20, 2026* | *Tinanggap: Hunyo 27, 2026* | *Inilathala: Hulyo 20, 2026*

## Abstrak (Filipino)

Sinusuri ng pag-aaral na ito ang One Piece ni Eiichiro Oda gamit ang Marxistang lente upang matukoy kung paano inilalarawan ng serye ang tunggalian ng mga uri, dominasyon, ideolohiya, at mga mekanismo ng kapangyarihan sa lipunan. Partikular nitong tinatalakay ang representasyon ng mga istrukturang panlipunan, mga anyo ng dominasyon at kontrol, at mga puwersang nagtutulak sa paglaban at panlipunang pagbabago sa mga piling arko ng Sabaody Archipelago, Dressrosa, Wano Country, at Ohara. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng tekstuwal at kontekstuwal na pagsusuri sa mga piling kabanata ng *manga* at kaugnay na mga episodyo ng anime. Isinagawa ang interpretasyon batay sa mga kaisipang Marxista nina Marx at Engels, kasama ang mga konsepto nina Gramsci, Althusser, Foucault, at iba pang kaugnay na teorista upang higit na maunawaan ang ugnayan ng kapangyarihan, ideolohiya, at lipunan. Natuklasan sa pag-aaral na inilalarawan ng One Piece ang mga istruktura ng hindi pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng sistematikong eksploytasyon, ideolohikal na manipulasyon, pagkontrol sa kaalaman, at paggamit sa mga institusyon bilang mga instrumento ng dominasyon. Kasabay nito, ipinakikita rin ng serye ang kolektibong paglaban bilang mahalagang puwersa sa paghamon sa mapaniil na kaayusan at pagsusulong ng panlipunang pagbabago. Ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang One Piece ay hindi lamang isang anyo ng kulturang popular kundi isang makabuluhang tekstong pampanitikan na maaaring gamiting lunsaran ng kritikal na pagsusuri sa mga usaping panlipunan, pampolitika, at ideolohikal. Sa gayon, nag-aambag ito sa pagpapalawak ng pag-aaral hinggil sa anime at *manga* sa larangan ng panitikang Filipino at kulturang popular.

*Susing-salita:* Marxismo, One Piece, Tunggalian ng uri, Ideolohiya, Kulturang popular, Dominasyon

## Abstract (English)

This study examines One Piece by Eiichiro Oda through a Marxist lens to determine how the series portrays class struggle, domination, ideology, and mechanisms of power within society. Specifically, it explores the representation of social structures, forms of domination and control, and the forces that drive resistance and social change in the selected arcs of Sabaody Archipelago, Dressrosa, Wano Country, and Ohara. The study employed a qualitative research design through textual and contextual analysis of selected manga chapters and related anime episodes. Interpretation was grounded in the Marxist theories of Marx and Engels, together with the concepts of Gramsci, Althusser, Foucault, and other related theorists to provide a deeper understanding of the relationship among power, ideology, and society. The findings reveal that One Piece portrays structures of inequality through systematic exploitation, ideological manipulation, control of knowledge, and the use of institutions as instruments of domination. At the same time, the series highlights collective resistance as a crucial force in challenging oppressive systems and advancing social transformation. The study suggests that One Piece is not merely a form of popular culture but also a significant literary text that can serve as a platform for critical analysis of social, political, and ideological issues. Consequently, it contributes to the growing body of scholarship on anime and manga within the fields of Filipino literary studies and popular culture.

*Keywords:* Marxism, One Piece, Class struggle, Ideology, Popular culture, Domination

*Pagsipi (To cite):*
Esmael, J. & Tiburon, A. (2026). Sa Gitna ng Dagat at Lipunan: Marxistang Pagbasa sa One Piece ni Eiichiro Oda. *Sindaw Journal, 1(1), 37-48*. https://doi.org/10.5281/zenodo.22063571

© 2026 (Mga) Awtor. Inilathala ng Departamento ng Filipino at Iba Pang Wika CSSH, Mindanao State University-Main Campus, Marawi City, 9700, Philippines
Website: https://sindawjournal.org email: sindawjournal@msumain.edu.ph
Ang artikulong ito ay bukas ang pag-akses sa pamamagitan ng CC BY license

## 1. Introduksyon

Sa mga nakalipas na taon, lumawak ang interes ng akademya sa araling anime, *manga*, at kulturang popular dahil sa pagkilala sa mga ito bilang mahahalagang tekstong kultural na naglalaman ng mga ideolohikal, panlipunan, at pampolitikang diskurso. Binigyang-diin ni Napier (2005) na ang anime ay hindi lamang isang midyum ng aliwan kundi isang tekstong kultural na sumasalamin sa mga usapin ng kapangyarian, identidad, at pagbabago sa lipunan. Sinang-ayunan ito ni Denison (2023), kung saan ipinakita niya na ang anime ay naging pandaigdigang daluyan ng mga diskursong panlipunan at pangkultura. Sa ganitong pananaw, nagiging makabuluhan ang pagsusuri sa animе bilang tekstong pampanitikan na maaaring magsiwalat ng mga umiiral na relasyon ng kapangyarihan sa lipunan.

Isa sa mga pinakatanyag na halimbawa nito ang One Piece ni Eiichiro Oda, na bagama't nakabalangkas bilang salaysay ng pakikipagsapalaran, ay naglalaman ng mga representasyon ng tunggalian ng uri, dominasyon ng estado, ekonomikong eksploytasyon, at kolektibong paglaban. Ang mga elementong ito ay umaayon sa pananaw nina Marx at Engels (1848) na ang kasaysayan ng lipunan ay nakabatay sa tunggalian ng mga uri. Kaugnay nito, ipinaliwanag ni Eagleton (2002) na ang panitikan ay hindi maihihiwalay sa mga historikal at panlipunang kondisyong pinagmumulan nito. Samantala, binigyang-diin nina Gramsci (1971), Althusser (1971), at Foucault (1980) na ang dominasyon ay naipatutupad hindi lamang sa pamamagitan ng dahas kundi maging sa pamamagitan ng hegemonya, mga aparatong ideolohikal ng estado, at kontrol sa kaalaman.

Patuloy ding dumarami ang mga pag-aaral hinggil sa One Piece. Ipinakita nina Maulana at Qamal (2025) ang pamahalaan ng mundo ay kumakatawan sa isang awtoritaryang estado na nagpapanatili ng kapangyarihan sa pamamagitan ng batas at militarisasyon. Sa lokal na konteksto, ipinakita nina Alawi at Alawi (2018) na maaaring magsilbing lehitimong midyum ang *manga* sa paglikha at pagpapalaganap ng mga tekstong pampanitikan, na nagpapatibay sa potensiyal nito bilang paksa ng seryosong akademikong pagsusuri.

Sa kabila ng lumalawak na bilang ng mga pag-aaral hinggil sa One Piece, nananatiling nakatuon ang karamihan sa pagsusuri sa mga usapin ng representasyon, semiotika, *fandom*, at mga indibidwal na naratibong bumubuo sa serye. Bagama't may ilang pag-aaral na gumagamit ng mga konsepto ng Marxismo upang ipaliwanag ang tunggalian ng uri o ang awtoritaryanismo, kalimitang nagtatapos ang mga ito sa paglalapat ng mga umiiral na konsepto sa mga piling pangyayari sa naratibo. Dahil dito, nananatiling limitado ang pagtalakay sa kung paano nakikilahok mismo ang One Piece sa pagpapalawak ng mga diskurso hinggil sa kapangyarihan, ideolohiya, kasaysayan, at kolektibong paglaban. Sa madaling salita, ang serye ay madalas na binabasa bilang ilustrasyon ng Marxistang teorya sa halip na isang tekstong pampanitikan na may kakayahang makipagdiyalogo at makapag-ambag sa patuloy na pag-unlad ng mga kritikal na pananaw sa lipunan.

Lalong nagiging makabuluhan ang puwang na ito sa konteksto ng pananaliksik sa Filipino. Sa kasalukuyan, nananatiling kakaunti ang mga pag-aaral na sistematikong sumusuri sa anime at *manga* bilang mga lehitimong tekstong pampanitikan gamit ang Marxistang lente. Higit pa rito, bihira ring pag-isahin sa isang balangkas ng pagsusuri ang mga usapin ng tunggalian ng uri, aparatong estado, ideolohikal na dominasyon, kontrol sa kasaysayan at kaalaman, ekolohikal na eksploytasyon, at kolektibong paglaban bilang magkakaugnay na mekanismo ng reproduksiyon ng kapangyarihan. Dahil dito, nananatiling may puwang para sa isang mas komprehensibo at mas kritikal na pagbasa na hindi lamang naglalarawan ng presensiya ng mga Marxistang konsepto sa One Piece kundi sinusuri rin kung paano ginagamit ng serye ang mga ito upang lumikha ng isang masalimuot na komentaryo sa kontemporaryong lipunan.

CC BY

Bilang tugon sa puwang na ito, sinusuri ng kasalukuyang pag-aaral ang One Piece ni Eiichiro Oda sa pamamagitan ng Marxistang pananaw upang maipakita kung paano binubuo ng serye ang isang masalimuot na representasyon ng relasyon ng kapangyarihan, ideolohiya, produksyon, kasaysayan, at kolektibong paglaban. Sa pagsusuri sa mga piling arko ng Sabaody Archipelago, Dressrosa, Wano Country, at Ohara, hindi lamang nilalayong tukuyin ang mga Marxistang konseptong matatagpuan sa naratibo, kundi ipinapakita rin kung paano nakapag-aambag ang One Piece sa mas malawak na diskurso sa Marxistang kritikang pampanitikan, araling anime, araling manga, at Araling kultural. Sa ganitong paraan, itinatampok ng pag-aaral ang kulturang popular bilang isang mahalagang larangan ng produksiyon ng kahulugan at kritikal na pag-unawa sa mga kontradiksyon ng makabagong lipunan.

## 2. Metodo

Gumamit ang pag-aaral na ito ng kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik sa loob ng larangan ng panunuring pampanitikan upang maanalisa ang representasyon ng kapangyarihan, uri, ideolohiya, at paglaban sa One Piece ni Eiichiro Oda gamit ang Marxistang pananaw bilang pangunahing balangkas ng pagsusuri. Ang kwalitatibong disenyo ay angkop sa pag-aaral sapagkat nakatuon ito sa masusing pag-unawa at interpretasyon ng mga kahulugan, simbolo, at ideolohiyang nakapaloob sa isang tekstong pampanitikan sa halip na sa pagsukat ng mga baryabol sa paraang estadistikal. Layunin nitong maunawaan ang ugnayan ng naratibo at ng mas malawak na istrukturang panlipunan, pampolitika, at pang-ekonomiya na kinakatawan ng akda.

Isinagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng masusing pagbasa at panunuring kontekstuwal. Sa masusing pagbasa, malalim binasa at sinuri ang bawat eksena, diyalogo, paglalarawan ng tauhan, at mahahalagang pangyayari upang matukoy ang mga elementong nagpapakita ng tunggalian ng kapangyarihan, relasyon ng mga uri, at iba pang aspektong may kaugnayan sa Marxistang kritisismo. Samantala, ginamit ang panunuring kontekstuwal upang mailugar ang mga tekstuwal na elementong ito sa mas malawak na kontekstong historikal, panlipunan, pang-ekonomiya, at ideolohikal. Sa paraang ito, hindi lamang ang mismong nilalaman ng teksto ang binigyang-pansin kundi maging ang sistemang panlipunang kinakatawan at pinupuna ng akda.

Bilang saklaw ng pag-aaral, apat (4) na piling arko lamang ng One Piece ang isinama sa pagsusuri: Sabaody Archipelago Arc, Dressrosa Arc, Wano Country Arc, at Ohara Arc. Pinili ang mga arkong ito sa pamamagitan ng *purposive sampling*, sapagkat sila ang pinakamalinaw na nagpapakita ng mga pangunahing konseptong Marxista na siyang sentro ng pag-aaral. Ang Sabaody Archipelago Arc ay nagsisilbing representasyon ng matinding hindi pagkakapantay-pantay ng uri, pribilehiyo ng naghaharing uri, at sistematikong dehumanisasyon ng mga alipin. Ang Dressrosa Arc naman ay nagpapakita ng manipulasyon sa estado, kontrol sa produksyon, at ideolohikal na dominasyon sa pamamagitan ng propaganda at panlilinlang.

Samantala, ang Wano Country Arc ay naglalarawan ng ekonomikong pagsasamantala, monopolyo sa likas na yaman, at kolektibong rebolusyon laban sa mapaniil na naghaharing uri. Sa kabilang banda, ang Ohara Arc ay nagsisilbing representasyon ng ideolohikal na kontrol ng estado sa pamamagitan ng pagsupil sa kaalaman, kasaysayan, at alternatibong diskurso. Ang iba pang mga arko ng serye ay hindi isinama sapagkat hindi sila tuwirang tumutugon sa mga pangunahing layunin at konseptong sinusuri sa kasalukuyang pananaliksik.

Ang pangunahing batis ng datos ay ang opisyal na *manga* ng One Piece ni Eiichiro Oda. Bilang pantulong na sanggunian, ginamit din ang mga kaugnay na episodyo ng adaptasyong anime upang mapagtibay ang konteksto ng mga eksena, ekspresyon ng mga tauhan, at iba pang elementong biswal na maaaring makatulong sa interpretasyon ng teksto. Ang paggamit ng parehong *manga* at anime ay nagsilbing anyo ng tekstuwal na trianggulasyon, hindi upang

CC BY

baguhin ang pangunahing datos kundi upang mapalawak at mapagtibay ang pag-unawa sa mga pangyayari at simbolismong sinusuri.

Sa pangangalap ng datos, isinagawa muna ang masusing pagbasa ng mga napiling arko ng *manga* kasabay ng panonood ng mga kaukulang episodyo ng anime. Sa prosesong ito, itinala ang mahahalagang eksena, diyalogo, monologo, kilos ng mga tauhan, simbolo, at iba pang tekstuwal na elementong may kaugnayan sa mga layunin ng pananaliksik. Ang mga natukoy na sipi at pangyayari ay inorganisa sa isang coding matrix o talaan ng datos upang mapadali ang sistematikong pag-uuri ng mga ito batay sa mga temang Marxista.

Matapos ang pangangalap ng datos, isinagawa ang *thematic coding* kung saan inuri ang mga nakalap na tekstuwal na ebidensiya ayon sa mahahalagang konseptong Marxista. Kabilang sa mga pangunahing kategorya ang: (1) tunggalian ng uri (class struggle), (2) ekonomikong eksploytasyon, (3) aparatong estado at panunupil, (4) ideolohikal na dominasyon o hegemonya, (5) alienation o paglalayo ng tao sa kanyang paggawa at pagkatao, (6) kontrol sa produksyon at yaman, at (7) kolektibong paglaban at rebolusyon. Ang bawat sipi at eksena ay inihanay sa mga temang ito batay sa nangingibabaw na konseptong inilalarawan nito. Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang Marxistang *literary criticism*. Ang mga tekstuwal na ebidensiya ay inihambing at inugnay sa mga pangunahing konsepto.

Isinagawa ang interpretasyon sa pamamagitan ng analitikal at interpretatibong pagbasa, kung saan hindi lamang inilarawan ang mga pangyayari sa naratibo kundi sinuri rin kung paano inilalarawan ng mga ito ang operasyon ng kapangyarihan, mekanismo ng dominasyon, at mga anyo ng paglaban sa loob ng kathang-isip na lipunan ng One Piece. Binigyang-diin din kung paano nagsisilbing alegorya ang mga piling arko sa mga umiiral na suliraning panlipunan tulad ng imperyalismo, awtoritaryanismo, hindi pagkakapantay-pantay ng uri, monopolyo sa yaman, at kontrol sa kaalaman. Sa ganitong paraan, nakabuo ang pag-aaral ng isang sistematiko, lohikal, at teoretikal na interpretasyon ng mga Marxistang elemento sa akda at ng kanilang ambag sa pag-unawa sa ugnayan ng panitikan, ideolohiya, at lipunan.

## 3. Resulta at Diskusyon

Ang bahaging ito ay naglalahad at nagsusuri ng mga natuklasan sa pag-aaral hinggil sa One Piece ni Eiichiro Oda gamit ang Marxistang pananaw. Ang pagtalakay ay inorganisa batay sa tatlong tematikong talahanayan.

**Talahanayan 1.** *Mga Anyo ng Dominasyon at Marxistang Konsepto sa One Piece*

| Arko | Antas ng Dominasyon | Anyo ng Kontrol | Presentasyon ng Eksena | Marxistang Konsepto |
|---|---|---|---|---|
| Sabaody Archipelago | Pisikal at Ekonomiko | Komodipikasyon ng tao | Pagbebenta ng tao sa *Human Auction House* sa harap ng mga mamimili | Reipikasyon Komodipikasyon |
| Dressrosa | Ideolohikal at Sikolohikal | Manipulasyon ng alaala at identidad | Pagiging laruan ng mga tao at pagbura sa kanilang alaala sa lipunan | *False Consciousness, Ideological Control* |
| Wano Country | Ekonomiko, Industriyal at Ekolohikal | Sapilitang paggawa at eksploytasyon | Paggawa sa mga pabrika at pagkasira ng kalikasan | *Surplus Value, Alienation, Ecological Exploitation* |
| Ohara | Intelektuwal at Historikal | Pagsupil at monopolyo sa kaalaman | Pagwasak sa mga aklatan at pagpatay sa mga iskolar | *Ideological State Apparatus, Epistemic Violence* |

Ipinakikita ng unang talahanayan na ang dominasyon sa One Piece ay hindi lamang inilalarawan sa pamamagitan ng magkakahiwalay na pangyayari sa bawat arko ng naratibo. Sa halip, ito ay bumubuo ng magkakaugnay na representasyon ng iba't ibang mekanismong nagpapanatili sa hindi pantay na kaayusang panlipunan. Mula sa komodipikasyon ng tao at manipulasyon ng kamalayan hanggang sa pagsasamantala sa paggawa, pagkasira ng kalikasan, at pagkontrol sa kasaysayan at kaalaman, ipinakikita ang dominasyon na isang sistematikong proseso na sabay na gumagana sa larangan ng ekonomiya, ideolohiya, estado, at kultura.

Sa ganitong pagbasa, hindi lamang inilalapat ang mga batayang konsepto ng Marxismo kundi pinalalawak din nito ang pag-unawa sa kung paano naipagpapatuloy ang kapangyarihan sa iba't ibang antas ng lipunan. Ang tunggalian ng mga uri na tinalakay nina Marx at Engels ay higit pang nagiging masalimuot sa pamamagitan ng mga mekanismo ng hegemonya, ideolohiya, at pagkontrol sa kaalaman na binigyang-diin nina Gramsci, Althusser, at Foucault. Dahil dito, ipinakikita ng apat na piling arko na ang dominasyon ay hindi lamang nakabatay sa pisikal na pamimilit kundi sa kakayahang hubugin ang kamalayan, kultura, at kolektibong pag-unawa ng lipunan.

Inilalantad ng unang talahanayan na ang apat na piling arko ay hindi lamang nagsisilbing representasyon ng iba't ibang mukha ng dominasyon, kundi bumubuo ng isang progresibong naratibo kung paano nalilikha, napananatili, at napagtitibay ang kapangyarihan sa loob ng lipunan. Sa ganitong paraan, hindi lamang salamin sa mga kontradiksiyon ng makabagong lipunan; aktibo rin itong nakikilahok sa paghubog ng kritikal na pagbasa sa kapangyarihan, ideolohiya, at panlipunang tunggalian. Ito ang nagpapatingkad sa serye bilang isang mahalagang tekstong pangkultura na may makabuluhang ambag sa Marxistang kritikang pampanitikan at araling kultural.

Inilalarawan ng Sabaody Archipelago ang dominasyong pang-ekonomiya sa pamamagitan ng sistematikong komodipikasyon ng tao. Ang *Human Auction House* ay hindi lamang nagsisilbing pook ng bentahan ng mga alipin, kundi isang institusyong nagbibigay-lehitimasyon sa pagtrato sa tao bilang kalakal. Dahil dito, ang halaga ng isang indibidwal ay hindi na nakabatay sa kaniyang dignidad kundi sa kaniyang halagang pangkalakalan at pakinabang sa naghaharing-uri. Sa ganitong paraan, ipinakikita ng arko na ang dominasyon ay nagsisimula sa sandaling ang tao ay maituring na isang bagay na maaaring ariin, ipagbili, at ipagpalit sa loob ng umiiral na kaayusang panlipunan.

Higit na mahalaga kaysa sa mismong pag-iral ng bentahan ng tao ang katotohanang tinatanggap ito bilang isang lehitimong institusyon ng lipunan. Ang ganitong representasyon ay maihahambing sa konsepto ni Marx (1867) ng *commodity fetishism*, kung saan ang mga relasyong panlipunan ay natatakpan ng anyo ng kalakal hanggang sa ang eksploytasyon ay magmukhang likas at katanggap-tanggap. Sa Sabaody Archipelago, ang pagbebenta ng tao ay hindi na lamang isang gawaing ekonomiko kundi isang panlipunang praktikang kinikilala ng estado, pinakikinabangan ng naghaharing-uri, at tinatanggap ng malaking bahagi ng lipunan bilang ordinaryong bahagi ng kaayusan. Kaugnay nito, pinapalalim ni Lukács (1971) ang pag-unawang ito sa pamamagitan ng konsepto ng *reification*, na nagpapakita kung paano ang lohika ng kalakal ay hindi lamang nakaaapekto sa mga alipin kundi maging sa mga mamimili, opisyal ng estado, at iba pang institusyong nakikilahok sa reproduksiyon ng sistemang mapagsamantala. Dahil dito, ang komodipikasyon ay hindi lamang nagiging kondisyon ng mga inaapi kundi isang kolektibong kamalayang humuhubog sa buong istrukturang panlipunan.

Inililipat naman ng Dressrosa ang pokus tungo sa dominasyong ideolohikal. Sa ilalim ng pamumuno ni Donquixote Doflamingo, hindi lamang ang mga institusyong pampolitika ang nakokontrol kundi maging ang kamalayan ng mga mamamayan. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Sugar, nabubura ang alaala tungkol sa mga naging laruan, dahilan upang

CC BY

tanggapin ng lipunan ang isang huwad na bersyon ng realidad. Dahil dito, naipakikita ng arko na ang kapangyarihan ay hindi lamang naipatutupad sa pamamagitan ng dahas kundi sa kakayahang hubugin ang paraan ng pag-unawa ng mga mamamayan sa kanilang lipunan. Higit na lumalalim ang pagbasa kapag tiningnan ang Dressrosa sa pananaw nina Hall (1985) at Williams (1977), na kapwa nagbigay-diin sa papel ng kultura at ideolohiya sa paglikha ng mga kahulugang tinatanggap bilang likas at makatotohanan. Sa halip na simpleng manipulasyon ng alaala, ipinakikita ng arko ang sistematikong pagbuo ng isang panlipunang realidad kung saan ang pamumuno ni Doflamingo ay kinikilalang pinagmumulan ng kaayusan at kaunlaran. Sa ganitong konteksto, nagiging mahalaga rin ang konsepto ng pahintulot sa hegemonya ni Gramsci, sapagkat nananatili ang kaniyang kapangyarihan hindi lamang dahil sa pananakot kundi dahil kusang tinatanggap ng mga mamamayan ang umiiral na kaayusan bilang lehitimo. Dahil dito, ang mga mamamayan ay hindi lamang nagiging biktima ng dominasyon kundi aktibong nakikilahok sa reproduksiyon nito.

Ipinahihiwatig ng Dressrosa na ang dominasyon ay higit na tumitibay kapag ang ideolohiya ay nagiging bahagi ng pang-araw-araw na kamalayan at kultura ng lipunan. Sa halip na magsilbing representasyon lamang ng maling kamalayan at hegemonya, ipinakikita na ang kapangyarihan ay napapanatili sa pamamagitan ng paglikha ng mga kahulugang nagiging batayan ng kusang pagsang-ayon ng mga mamamayan. Sa ganitong pagbasa, hindi lamang inilalarawan ng serye ang mekanismo ng ideolohikal na dominasyon, kundi ipinahihiwatig din nito na ang tunay na transpormasyong panlipunan ay nagsisimula sa muling pagbuo ng kritikal na kamalayang may kakayahang hamunin ang mga umiiral na ideolohiya. Hindi nakasalalay sa paggamit ng dahas lamang, kundi sa kakayahang gawing lehitimo ang mga relasyong mapagsamantala sa pamamagitan ng mga institusyon at panlipunang pagpapahalaga. Sa halip na magsilbing ilustrasyon lamang ng mga konsepto nina Marx at Lukács, nakikipagdiyalogo ang One Piece sa kanilang mga pananaw sa pamamagitan ng pagpapakita na ang komodipikasyon ng tao ay isang prosesong pang-ekonomiya, pangkultura, at pampolitika na patuloy na muling nililikha ng estado at ng mismong lipunang tumatanggap dito.

Dahil dito, nagmumungkahi ang arko na ang pagpapanatili ng hindi pagkakapantay-pantay ay hindi lamang bunga ng kontrol sa yaman at produksiyon, kundi ng kakayahang hubugin ang mga kahulugang nagbibigay-katwiran sa pagsasamantala bilang normal at lehitimong kaayusan. Inilalantad naman ng Wano Country ang ugnayan ng kapitalistang produksiyon, pagsasamantala sa paggawa, at pagkawasak ng kalikasan. Sa ilalim ng pamumuno nina Orochi at Kaido, ang industriyalisasyon ay naging mekanismo ng akumulasyon ng yaman sa kapinsalaan ng mga mamamayan at ng kapaligiran. Ang sapilitang paggawa, paglawak ng mga pagawaan, at polusyon sa mga ilog at lupain ay nagpapakita na ang kahirapan ng tao at pagkasira ng kalikasan ay hindi magkahiwalay na suliranin kundi magkakaugnay na bunga ng iisang istrukturang pang-ekonomiya.

Ang walang habas na pagmimina, pagmamanupaktura ng armas, at pagtatapon ng nakalalasong basura ay nagpapakitang ang kalikasan ay isinasailalim sa lohika ng walang hanggang akumulasyon ng kapital. Ang pagsasamantala sa manggagawa at sa kalikasan ay magkaugnay na proseso ng iisang sistemang kapitalista. Dahil dito, ang pagkawasak ng kapaligiran ay hindi lamang bunga ng industriyalisasyon kundi isang kondisyong nagpapatibay sa dominasyon sa paggawa at lalo pang naglilimita sa kakayahan ng mga mamamayan na makalaya sa mapagsamantalang kaayusan.

Kung gayon, ipinahihiwatig ng Wano Country na ang krisis sa kalikasan ay hindi hiwalay sa krisis ng paggawa kundi manipestasyon ng mga kontradiksiyon ng kapitalistang produksiyon. Sa halip na ilarawan lamang ang polusyon bilang suliraning pangkapaligiran, ipinakikita ang

CC BY

pagsasamantala sa tao at sa kalikasan bilang magkaugnay na mekanismo ng reproduksiyon ng kapangyarihan at akumulasyon ng kapital.

Inilalantad naman ng Ohara ang dominasyon sa pamamagitan ng pagkontrol sa kasaysayan at kaalaman. Ang sistematikong pagwasak ng Pamahalaan ng Mundo sa isla ng Ohara, pagsunog sa *Tree of Knowledge*, at pagpatay sa mga iskolar na nagsasaliksik tungkol sa *Void Century* ay nagpapakitang ang kaalaman ay hindi isang neutral na larangan kundi isang mahalagang batayan ng kapangyarihang pampolitika.

Sa ganitong paraan, ipinakikita ng arko na ang pagpapanatili ng dominasyon ay nakasalalay hindi lamang sa pagkontrol sa kasalukuyan kundi maging sa kakayahang hubugin ang pag-unawa ng lipunan sa nakaraan. Higit na lumalalim ang pagbasa sa pamamagitan ng mga pananaw nina Althusser (1971) at Foucault (1980), na kapwa nagpapakita na ang estado ay nagpapanatili ng kapangyarihan sa pamamagitan ng pagkontrol sa ideolohiya at produksiyon ng kaalaman. Ang kolektibong alaala ay nagsisilbing batayan ng identidad at kasaysayan ng isang lipunan. Sa kontekstong ito, ang pagwasak sa *Tree of Knowledge* at pagpatay sa mga iskolar ay hindi lamang simpleng sensura kundi isang sistematikong anyo ng historikal na pagbura na naglalayong putulin ang ugnayan ng lipunan sa sarili nitong kasaysayan upang maging mas madaling mapanatili ang umiiral na kaayusang pampolitika.

Ipinahihiwatig ng Ohara na ang pagkontrol sa kasaysayan ay isa ring mekanismo ng reproduksiyon ng kapangyarihan. Sa halip na magsilbing representasyon lamang ng pagsupil sa kaalaman, ang pagbura sa kolektibong alaala ay naglilimita sa kakayahan ng lipunan na kuwestiyunin ang lehitimasyon ng naghaharing-uri at bumuo ng kritikal na kamalayan.

**Talahanayan 2.** *Representasyon ng mga Tauhan at Istruktura ng Lipunan*

| Arko | Naghaharing-uri | Mababang Uri |
|---|---|---|
| Sabaody Archipelago | *World Nobles* (*Celestial dragons*), *Human Auction organizers*, *Marines* bilang tagapangalaga ng umiiral na sistema | Mga alipin, bihag sa bahay bentahan ng tao, mga *Fish-Men*, at ordinaryong mamamayang walang kapangyarihan |
| Dressrosa | Donquixote Doflamingo, Donquixote Family, at mga opisyal na nagpapatupad ng kaniyang rehimen | Mga mamamayang ginawang laruan, mga residenteng nabura ang alaala, at mga biktima ng manipulasyong politikal |
| Wano Country | Kaido, Kurozumi Orochi, Beast Pirates, at mga opisyal ng pabrika at militar | Mga manggagawa sa pabrika, bilanggo sa Udon Prison, mamamayan ng Ebisu Town, magsasaka, at ordinaryong residente ng Wano |
| Ohara | *World government*, *Marines*, *Five Elders*, at mga institusyong nagpapatupad ng censorship at monopolyo sa kaalaman | Mga iskolar ng Ohara, Nico Robin, mga residente ng isla, at mga tagapag-ingat ng ipinagbabawal na kasaysayan |

Dito naman sa pangalawang talahanayan, hindi lamang inilarawan ang paghahati ng mga tauhan sa naghaharing-uri at mababang uri. Higit pa rito, ipinakikita nito na ang buong istruktura ng lipunan sa One Piece ay nakabatay sa sistematikong relasyon ng dominasyon at subordinasyon. Sa apat na piling arko, mapapansing ang bawat institusyong pampolitika, militar, at pang-ekonomiya ay nagsisilbing mekanismo upang mapanatili ang kapangyarihan ng iilang elitista habang patuloy na nalilimitahan ang kalayaan ng nakararaming mamamayan. Ang ganitong representasyon ay umaayon sa argumento nina Marx at Engels (2002) na ang kasaysayan ng lipunan ay kasaysayan ng tunggalian ng mga uri, kung saan ang naghaharing-uri ay patuloy na gumagamit ng iba't ibang anyo ng kontrol upang mapanatili ang umiiral na kaayusan.

Sa Sabaody Archipelago, ang relasyon sa pagitan ng Celestial Dragons at ng mga alipin ay hindi lamang simpleng representasyon ng pang-aalipin. Ipinakikita rito ang sukdulang anyo ng pagsasabagay sa mga tao, kung saan ang tao ay nawawalan ng kaniyang pagkatao at nagiging

CC BY

kalakal na maaaring bilhin, ibenta, at pagdesisyunan ng may kapangyarihan. Sa ganitong paraan, inilalarawan ng One Piece ang isang lipunang ang halaga ng tao ay nakabatay hindi sa kaniyang dignidad kundi sa kaniyang pakinabang sa naghaharing-uri. Ang ganitong paglalarawan ay nagpapalawak sa Marxistang konsepto ng komodipikasyon sapagkat hindi lamang paggawa ang nagiging produkto kundi maging ang mismong buhay ng tao.

Sa *Dressrosa*, higit na komplikado ang representasyon ng tunggalian ng uri. Ang kapangyarihan ni Donquixote Doflamingo ay hindi lamang nakasalalay sa dahas kundi sa kakayahan niyang kontrolin ang kolektibong alaala ng lipunan. Ang pagbura sa identidad ng mga naging laruan ay naglalarawan ng konsepto ng maling kamalayan, kung saan ang mga mamamayan ay nawawalan ng kakayahang maunawaan ang tunay na kalagayan ng kanilang lipunan dahil sa manipulasyon ng katotohanan.

Ang ganitong representasyon ay umaayon sa konsepto ng hegemonya ni Gramsci (1971), ngunit higit pa rito, ang ideolohikal na dominasyon ay maaaring maisagawa sa pamamagitan ng pagkontrol sa alaala at kasaysayan ng isang komunidad. Dahil dito, natatangi ang serye bilang tekstong popular na nagpapakita na ang kapangyarihan ay hindi lamang umiiral sa pamamagitan ng puwersa kundi sa sistematikong pagbabago ng kamalayan.

Sa Wano Country, inilalarawan ang relasyon nina Kaido at Orochi sa mga manggagawa bilang representasyon ng kapitalistang eksploytasyon. Gayunpaman, hindi lamang kondisyon ng paggawa ang binibigyang-diin ng serye. Ipinakikita rin nito ang ugnayan ng ekonomikong dominasyon at pagkasira ng kalikasan, kung saan ang walang habas na industriyalisasyon ay nagiging instrumento ng akumulasyon ng yaman para sa iilang naghaharing-uri.

Ang ganitong representasyon ay sumusuporta sa pananaw ni Foster (2000) hinggil sa ekolohikal na krisis na dulot ng kapitalismo, ngunit nagdaragdag din ang One Piece ng mas malinaw na naratibo kung paanong ang pagkawasak ng kapaligiran ay direktang nakaaapekto sa kalagayan ng uring manggagawa. Sa gayon, ipinapakita ng serye na ang eksploytasyon sa tao at kalikasan ay hindi magkahiwalay na proseso kundi magkaugnay na bunga ng iisang sistemang mapagsamantala.

Samantala, sa Ohara, ang tunggalian ay nakatuon sa monopolyo ng kaalaman. Ang pagpatay sa mga iskolar at pagsira sa mga aklat ay hindi lamang simpleng akto ng sensura kundi representasyon ng sistematikong pagkontrol sa produksyon ng kaalaman. Ipinakikita na ang kaalaman mismo ay maaaring maging banta sa naghaharing-uri sapagkat ito ang nagbibigay kakayahan sa mamamayan upang kuwestiyunin ang umiiral na kaayusan. Sa ganitong paraan, inilalarawan ng serye ang kasaysayan bilang larangan ng tunggalian at hindi simpleng talaan lamang ng mga nagdaang pangyayari.

Samakatuwid, ipinakikita ng ikalawang talahanayan na ang mga tauhan sa One Piece ay hindi lamang mga indibidwal na gumaganap sa loob ng naratibo kundi mga representasyon ng magkakasalungat na puwersang panlipunan. Pinatutunayan nito ang sentral na argumento ng pag-aaral na ang serye ay nagsisilbing tekstong pampanitikan na sistematikong inilalarawan ang tunggalian ng uri, ideolohikal na dominasyon, at iba't ibang mekanismo ng pagpapanatili ng kapangyarihan. Higit pa rito, nagdaragdag ang One Piece sa umiiral na diskurso sa mga araling anime at kulturang popular sa pamamagitan ng pagpapakita na ang kultura ay maaaring magsilbing espasyo ng kritikal na pagtalakay sa mga kontradiksiyon ng lipunan at sa posibilidad ng kolektibong paglaban.

CC BY

**Talahanayan 3.** *Mga Anyo ng  Dominasyon at Kontrol Lipunan*

| Arko | Kapangyarihan at Produksyon | Elitistang Naghaharing-uri | Aparatong Estado | Ideolohiya at Kasaysayan | Sistematikong Eksploytasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Sabaody Archipelago | Komodipikasyon ng tao bilang produkto | Pagpanig sa makapangyarihang *Celestial Dragons* | *Marines* at *World government* bilang tagapagpatupad | Normalisasyon ng pang-aalipin at hirarkiya | *Human Auction House* at bentahan ng tao |
| Dressrosa | Kontrol sa paggawa at lipunan | Dominasyon ni Doflamingo sa ekonomiya at politika | *Marines* bilang pasibong institusyon | Manipulasyon ng alaala at katotohanan | Pagiging laruan at pagkawala ng identidad |
| Wano Country | Kontrol sa pabrika at produksyon ng armas | Alyansa nina Kaido at Orochi | Militarisasyon at toleransiya sa pang-aabuso | Pagpigil sa kalayaan at pambansang soberanya | Sapilitang paggawa at pagkasira ng kalikasan |
| Ohara | Monopolyo sa kaalaman | *World government* bilang tagapangalaga ng kapangyarihan | *Buster Call* at militar | Paglihim sa *Void Century* | Pagpatay at pagsupil sa mga iskolar |

Sa ikatlong talahanayan naman ay malinaw na ipinakita na ang kapangyarihan sa ay hindi lamang umiiral sa pamamagitan ng pisikal na dahas kundi sa magkakaugnay na operasyon ng ekonomiya, estado, ideolohiya, at produksyon ng kaalaman. Ang apat na piling arko ay nagpapakita ng magkakaibang anyo ng dominasyon, subalit kapag pinagsama-sama, lumilitaw ang isang sistematikong larawan ng lipunang pinamamahalaan ng mga institusyong nagsisilbi sa interes ng naghaharing-uri. Ang ganitong representasyon ay umaayon sa Marxistang pananaw na ang estado at mga institusyon nito ay may mahalagang papel sa pagpapanatili ng umiiral na relasyon ng produksyon at distribusyon ng kapangyarihan.

Sa Sabaody Archipelago, ang bahay bentahan ng tao ay nagsisilbing simbolo ng pinakamatinding anyo ng komodipikasyon. Gayunpaman, hindi lamang nito inilalarawan ang bentahan ng tao bilang produkto, ipinakikita rin nito na ang legalidad mismo ay maaaring gamitin upang gawing normal ang sistematikong pang-aapi. Ang presensiya ng mga marino at ng pamahalaan ng mundo bilang tagapangalaga ng kaayusan ay nagpapakita na ang estado ay hindi laging instrumento ng katarungan kundi maaaring maging mekanismo ng proteksiyon sa interes ng mga naghaharing-uri. Sa ganitong paraan, pinatutunayan ng Marxistang pananaw na ang batas at institusyon ay maaaring magsilbi sa reproduksiyon ng umiiral na kaayusang panlipunan.

Sa Dressrosa, ang dominasyon ay hindi lamang ekonomiko kundi ideolohikal. Ang kontrol ni Doflamingo sa alaala ng buong lipunan ay nagpapakita na ang kapangyarihan ay higit na matatag kapag nakabatay sa pagkontrol ng kamalayan kaysa sa paggamit lamang ng dahas. Sa halip na lantarang supilin ang mamamayan, binabago ang kanilang pag-unawa sa katotohanan upang hindi na nila makilala ang mismong pinagmumulan ng kanilang pang-aapi. Ang ganitong representasyon ay nagpapalawak sa konsepto ng hegemonya ni Gramsci (1971) sapagkat ipinakikita ng serye na ang ideolohikal na kontrol ay maaaring maisakatuparan sa pamamagitan ng manipulasyon ng kolektibong alaala at identidad.

Sa Wano Country, ang kontrol sa produksyon ng armas, paggawa, at likas-yaman ay nagpapakita ng pagsasanib ng ekonomikong interes at kapangyarihang pampolitika. Ang alyansa nina Kaido at Orochi ay kumakatawan sa ugnayan ng kapital at estado, kung saan ang puwersang militar ay ginagamit upang mapanatili ang sistematikong eksploytasyon ng manggagawa at ng kalikasan. Ang ganitong representasyon ay hindi lamang usapin ng pagmamay-ari sa yaman kundi ng kakayahang kontrolin ang buong proseso ng produksyon at ang mga institusyong nagpapatupad nito.

CC BY

Pinakamatingkad naman sa Ohara ang relasyon ng kapangyarihan at kaalaman. Ang *Buster Call* ay hindi lamang operasyong militar kundi isang organisadong pagtatangka na burahin ang kasaysayan upang mapanatili ang monopolyo ng pamahalaan ng mundo sa katotohanan. Ipinakikita rito na ang kaalaman ay isang anyo ng kapangyarihan na maaaring magbunsod ng paglaya o magsilbi sa pagpapatatag ng dominasyon. Sa ganitong konteksto, nagiging kongkreto ang mga pananaw nina Althusser (1971) at Foucault (1980) hinggil sa papel ng estado at diskurso sa pagpapanatili ng hegemonya.

Malinaw ang ipinakita sa ikatlong talahanayan, ang apat na arko ay hindi magkakahiwalay na naratibo kundi magkakaugnay na representasyon ng iba't ibang mekanismo ng dominasyon sa lipunan. Pinatutunayan ng mga datos na ang *One Piece* ay lumalampas sa pagiging akdang pantasya sapagkat sistematiko nitong inilalarawan ang relasyon ng kapangyarihan, ideolohiya, produksyon, at kasaysayan. Ito ang natatanging ambag ng serye sa pag-aaral ng kulturang popular: ang pagpapakita na ang anime at *manga* ay maaaring magsilbing kritikal na teksto na nagsisiwalat ng mga kontradiksiyon ng lipunan at nagbibigay ng espasyo para sa pag-unawa sa posibilidad ng kolektibong paglaya.

**Impluensiya sa Kulturang Popular at Panitikan**

Ang One Piece ay hindi lamang isang tanyag na *manga* at anime kundi isang mahalagang tekstong pangkultura na nag-aambag sa pag-unawa sa ugnayan ng panitikan, lipunan, at ideolohiya. Batay sa mga natuklasan sa tatlong talahanayan, malinaw na sistematikong inilalarawan ng serye ang iba't ibang mekanismo ng dominasyon mula sa komodipikasyon ng tao, manipulasyon ng kamalayan, eksploytasyon ng paggawa at kalikasan, hanggang sa pagkontrol sa kasaysayan at kaalaman kasabay ng pagbuo ng kolektibong paglaban at rebolusyonaryong kamalayan. Dahil dito, lumalampas ang One Piece sa pagiging kathang-isip na naratibo at nagiging isang tekstong maaaring suriin gamit ang Marxistang kritisismo at araling kultural.

Pinagtitibay ng pag-aaral ang pananaw nina Hall (1997) na ang kulturang popular ay hindi lamang salamin ng lipunan kundi isang larangan ng tunggalian ng mga ideolohiya at kahulugan. Sa One Piece, ang bawat arko ay hindi lamang kumakatawan sa mga umiiral na kontradiksiyong panlipunan kundi aktibong humahamon sa mga dominanteng pananaw tungkol sa kapangyarihan, uri, kalayaan, at katarungan. Sa pamamagitan ng representasyon ng kolektibong pagkilos, kritikal na kamalayan, at pagbawi sa kasaysayan, hinihikayat ng serye ang mga mambabasa at manonood na suriin ang mga istrukturang nagpapanatili ng hindi pagkakapantay-pantay at isipin ang posibilidad ng panlipunang transpormasyon.

Nagiging aktibong kalahok ang One Piece sa paghubog ng mga kahulugang panlipunan at hindi lamang simpleng repleksiyon ng umiiral na realidad. Mahalaga rin ang ambag ng One Piece sa larangan ng panitikan sapagkat pinalalawak nito ang pag-unawa sa *manga* at anime bilang mga seryosong tekstong pampanitikan na maaaring magsilbing lunsaran ng masusing kritikal na pagsusuri. Ipinakikita ng serye na ang mga kontemporaryong anyo ng kulturang popular ay may kakayahang talakayin ang masalimuot na usapin ng uri, estado, ideolohiya, kasaysayan, at kalayaan sa paraang hindi nalalayo sa mga tradisyonal na akdang pampanitikan. Dahil dito, pinagtitibay ng pag-aaral na ang anime at *manga* ay nararapat kilalanin bilang mahahalagang tekstong pampanitikan na may kakayahang makipagdiyalogo sa mga pangunahing teoryang panlipunan at pampanitikan. Nag-aambag ang pag-aaral sa lumalawak na diskurso sa Marxistang kritisismo, araling kultural, at pag-aaral sa anime at kulturang popular sa pamamagitan ng pagpapakita na ang One Piece ay hindi lamang nagsasalamin ng mga kontradiksiyon ng lipunan kundi aktibong lumilikha ng mga alternatibong pananaw na humahamon sa dominanteng ideolohiya at nagpapalawak ng kritikal na kamalayan. Sa ganitong paraan, pinatutunayan ng pananaliksik na ang panitikan at kulturang popular ay magkatuwang na larangan sa pag-unawa

sa mga usaping panlipunan at sa paglinang ng mga posibilidad para sa higit na makatarungan at mapagpalayang lipunan.

**4. Konklusyon**

Pinagtitibay ng pag-aaral na ang One Piece ni Eiichiro Oda ay higit pa sa isang tanyag na *manga* at anime; isa itong mahalagang tekstong pampanitikan at pangkultura na sistematikong nagsisiwalat ng ugnayan ng kapangyarihan, uri, ideolohiya, at panlipunang transpormasyon. Sa pamamagitan ng Marxistang pagbasa, napatunayang ang serye ay hindi lamang naglalarawan ng mga mekanismo ng dominasyon tulad ng komodipikasyon ng tao, manipulasyon ng kamalayan, eksploytasyon ng paggawa at kalikasan, at pagkontrol sa kasaysayan at kaalaman, kundi ipinakikita rin nito ang mga proseso ng pagbuo ng kritikal na kamalayan, kolektibong pagkilos, at rebolusyonaryong pag-asa bilang mga salik ng panlipunang paglaya. Dahil dito, lumilitaw na ang One Piece ay hindi lamang gumagamit ng mga Marxistang konsepto bilang balangkas ng naratibo, kundi aktibong nakikipagdiyalogo sa mga ito upang makabuo ng mas masalimuot na pag-unawa sa mga kontradiksiyon ng kontemporaryong lipunan.

Mahalagang ambag ng pag-aaral na ito ang pagpapalawak sa larangan ng Marxistang kritikang pampanitikan, araling kultural, at anime at araling *manga* sa pamamagitan ng pagpapakita na ang kulturang popular ay hindi lamang salamin ng lipunan kundi isang larangan ng tunggalian ng mga ideolohiya at kahulugan. Ang pag-aaral sa One Piece ay nag-aalok na buksan ang kamalayang panlipunan sa pagtalakay sa kritikal na estado ng kasalukuyan na sinasalamin sa nasabing anime sa pamamagitan ng paghamon sa mga dominanteng pananaw tungkol sa kapangyarihan, kasaysayan, uri, at kalayaan. Sa pagbasa gamit ang Marxistang dulog, napapalalim ang pag-unawa ng tao sa kanyang lipunang ginagalawan. Natatanos nito ang katotohanan at ang huwad na nagbabalat katotohanan. Isang pagsipat na kailanman, ang mga hindi tamang mga gawain na nagiging mukhang lehitimo ay isang pagtaliwas sa kaayusan at paggalang sa bawat indibidwal na kasapi ng lipunan.

Higit pa rito, ang munting akdang ito na ipinapakita sa telebisyon ay hindi lamang sumasalamin sa mga kontradiksiyon ng lipunan kundi lumilikha rin ng mga alternatibong pananaw hinggil sa posibilidad ng panlipunang pagbabago. Sa pamamagitan ng representasyon ng kolektibong paglaban, pagbawi sa kasaysayan, at pagbuo ng mapagpalayang kamalayan, nagiging isang tekstong pangkultura ang serye na naghihikayat sa mga mambabasa at manonood na suriin ang mga umiiral na istruktura ng dominasyon at isipin ang posibilidad ng isang higit na makatarungan at demokratikong lipunan. Sa ganitong paraan, pinagtitibay ng pag-aaral na ang panitikan at kulturang popular ay magkatuwang na larangan sa pag-unawa sa ugnayan ng kapangyarihan, ideolohiya, at panlipunang transpormasyon.

Bilang pagpapatuloy ng pananaliksik, inirerekomenda ang paggamit ng iba pang kritikal na perspektiba tulad ng postkolonyalismo, feminismo, *cultural materialism*, ekokritisismo, at iba pang kontemporaryong lapit upang higit pang mapalawak ang pagsusuri sa akda at sa iba pang anime at *manga*. Maaari ring magsagawa ng mga komparatibong pag-aaral sa pagitan ng One Piece at iba pang akdang popular upang higit na maunawaan ang iba't ibang representasyon ng kapangyarihan, ideolohiya, identidad, at panlipunang pagbabago. Sa gayong paraan, higit pang mapauunlad ang akademikong pag-aaral sa ganitong uri ng panitikan bilang mahahalagang tekstong likha at sosyal na marker na may makabuluhang ambag sa kontemporaryong kritikang pampanitikan at araling kultural.

CC BY

## 5. Reperensya


Alawi, M. A. M., & Alawi, R. M. (2018). Transcreation of select Darangen texts to manga to comprise a collection of children's literature. ASEAN Journal of Social Sciences and Humanities (AJOSSH), 1. Mamitua Saber Research and Technology Center, Mindanao State University.

Althusser, L. (1971). Lenin and philosophy and other essays. Monthly Review Press.

Chin, B., & Morimoto, L. H. (2021). Digital fandom and participatory culture in anime communities. Transformative Works and Cultures, 37. https://doi.org/10.3983/twc.2021.2107

Denison, R. (2023). Global anime culture and transnational media flows. Journal of Japanese and Korean Cinema, 15(2), 87–104. https://doi.org/10.1080/17564905.2023.2193520

Eagleton, T. (2002). Marxism and literary criticism. Routledge.

Foster, J. B. (2000). Marx's ecology: Materialism and nature. Monthly Review Press.

Foucault, M. (1980). Power/knowledge: Selected interviews and other writings, 1972–1977 (C. Gordon, Ed.). Pantheon Books.

Gramsci, A. (1971). Selections from the prison notebooks. International Publishers.

Hall, S. (1985). Signification, representation, ideology: Althusser and the post-structuralist debates. Critical Studies in Mass Communication, 2(2), 91–114. https://doi.org/10.1080/15295038509360070

Lukács, G. (1971). Reification and the consciousness of the proletariat. In History and class consciousness: Studies in Marxist dialectics. MIT Press.

Marx, K. (1978). Economic and philosophic manuscripts of 1844 (R. C. Tucker, Ed.). W. W. Norton. (Original work published 1844)

Marx, K., & Engels, F. (2002). The Communist manifesto. Penguin Books. (Original work published 1848)

Maulana, A. & Qamal, Q. (2025). Otoritarianisme World Governance dalam Serial Anime One Piece. Indonesian Journal of Intellectual Publication, 6(1), 65–74. https://doi.org/10.51577/ijipublication.v6i1.837

Napier, S. J. (2001). Anime from Akira to Princess Mononoke: Experiencing contemporary Japanese animation. Palgrave Macmillan.

Napier, S. J. (2005). Anime from Akira to Howl's Moving Castle: Experiencing contemporary Japanese animation. Palgrave Macmillan.

Oda, E. (1997–present). One Piece [Manga series]. Shueisha. https://one-piece.com

VIZ Media. (n.d.). One Piece. https://www.viz.com/one-piece

Williams, R. (1977). Marxism and literature. Oxford University Press


cc BY